Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 2, BLG. 12 DAET, CAMARINES NORTE ABRIL, 2012
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com


# Sen. Revilla panauhin sa 92nd anibersaryo ng Camarines Norte MOA para sa tig-P500,000 tulong sa CNPH Daet at Capalonga nilagdaan

Si Senador Ramon 'Bong' Revilla Jr. ang naging panauhing pandangal at tagapagsalita sa *commemorative program* sa *Camarines Norte Agro-Sports Center, Provincial Capitol*, Daet. noong Abril 15 sa pagdiriwang ng ika-92 anibersaryo ng Camarines Norte.

Mula sa airport kung saan siya ay sinalubong ni Gob. Edgardo A. Tallado ay nagtungo si Sen. Revilla at Gob Tallado at iba pa sa Philippine National Red Cross at sa *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)* bago dumalo sa naturang programang paggunita. Ang pagbisita sa *CNPH ni* Sen. Revilla ay kaugnay ng kanyang tulong medikal na halagang tig-P500,000.00 para sa mahihirap na pasyente ng CNPH dito sa Daet at CNPH Capalonga District.

Sa mensahe ni Sen. Revilla sa isinagawang programa ay kanyang sinabi na "may kasabihan po tayo na ang hindi marunong lumingon sa pinangalingan ay di hindi makakarating sa paroroonan. Ang hindi nagpapahalaga sa kasaysayan kailanman ay hindi kailanman susulong tutungo sa kanilang inaasam. We must learn from the lessons of history and work on the foundation it has set. These are the challenges of our times. Huwag nating kalilimutan ang dugong nananalaytay sa ating mga ugat ay dugong Pilipino, dugong bayani. At sa bawat isa sa atin ay

(Sundan sa pahina 5)




*"Tandaan natin anumang mabigat ay gumagaan basta marami ang pumapasan. Huwag na huwag tayo mawawalan ng pag-asa Napakasuwerte niyo dahil napakagaling ng inyong gobernador na si Egay Tallado. Matagal ko ng kaibigan itong inyong gobernador, at kitangkita naman natin ang husay ng kanyang pamumuno dito sa Cam Norte. Walang duda na sa ilalim ng kanyang pamumuno at sa ating pagtutulungan lalo pang susulong at aasenso ang iyong lalawigan at ang bawat mamayan nito." sabi pa ni Sen. Revilla sa kanyang mensahe.*



Gob. Edgardo A. Tallado

## Nilalaman

Kawani ng Kapitolyo DRRM training 2
Daet ES/San Roque HS kampeon sa DLC 2
Easter Sunday 2012 3
Kayak Surfing Clinic 3
Paboksing sa Bantayog 3
Araw ng Kagitingan 4
16 araw na tourism & trade fair 4
Pinyasan ng Daet kampeon sa Bantayog Fest 4
Bb. Camarines Norte 5
G. Camarines Norte 5
KAP ni Sen. Revilla 5
EDPOSY ni Gob. Tallado 6
Iwa Moto sa Variety Show 6
Pagbabyahe ng mineral commodities, ipinagbawal sa gabi, Linggo at Pista Opisyal 7
DOT Ravanilaa panauhin 8
1st Pay-out honorarium 8
Pailaw sa Mambalite 8

# Cash incentive para sa mga nanalong Atleta sa Palarong Bicol

Naglaan ang pamahalaang panlalawigan ng P200,000 para sa mga nanalong mag-aaral na atleta sa idinaos na Palarong Bicol 2012 nitong nakaraang buwan ng Marso 11-17 sa Pacol, Naga City bilang pagkilala ni Gob. Edgardo A. Tallado sa kanilang mahusay na paglalaro at pagbibigay karangalan sa Camarines Norte.

Ang bawat atletang nakakuha ng gold medal, indibidwal man o kasama sa grupo ay tatanggap ng P800. Ang nakakuha ng silver medal ay P500 ang cash incentive at ang bronze medalist ay P300. Pati kanilang mga "coach" ay tatanggap din ng katu-

(Sundan sa pahina 6)



Ang makulay na DBC competition at ang taunang street Dancing Competition sa Bantayog Festival



# 8th Bantayog Festival punong-puno ng kasiyahan

Matagumpay na naisagawa ang 8th Bantayog Festival na taon-taong isinasagawa tuwing buwan ng Abril kaugnay ng anibersaryo ng pagkakatatag ng Lalawigan ng Camarines Norte.

"Bawat Cam-Norteño: Tanglaw tungo sa Tuwid na Landas" ang naging tema ng ika-92 taong anibersaryo ng Camarines Norte at 8th Bantayog festival.

Sa bisa ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2012-05, inilatag ni Gob. Tallado ang mga tampok na aktibidad na idinaos simula Abril 2-18, 2012 at mga komitibang nangasiwa dito.

Punong-puno ng kasiyahan ang 17 araw na selebrasyon na kinapapalooban ng mga sumusunod: Abril 2 – *Flag Raising Ceremony; Opening of Visual Arts Display; Civic-Military Parade; Opening Program; Governor's Night, Fireworks Display*, Abril 3 – *Tourism and Trade Fair Exhibit Opening, Photography Exhibit Opening, Boxing*

(Sundan sa pahina 7)

# Kawani ng Kapitolyo dumalo sa DRRM training 2012

Itinaguyod ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang *Disaster Risk Reduction and Management Training* para sa mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan na binubuo ng 2 *batches*. Ito ay ginanap sa *DRR/CCA Training Institute*, Sitio Mat-I, Brgy. Sto. Domingo, Vinzons, Camarines Norte sa magkakahiwalay na petsa, Abril 16-18 at Abril 18-20, ayon sa pagkakasunod. Ito ay pinangasiwaan ng *Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office (PDRRMO)* na pinamumunuan ni Dr. Carlos C. Galvez, *PDRRM Officer*.

Isinagawa ito ng *PDRRMO* alisunod sa Memorandum Blg. 120403-01 na ipinalabas ng Tanggapan ng Gobernador noong Abril 3, 2012. Ito ay bilang pagtalima ng pamahalaang panlalawigan sa itinatakda ng *Rule 10, Section 3, Implementing Rules and Regulations, Republic Act (R.A.) No. 10121* na nag-aatas sa lahat ng tanggapan ng pamahalaan na isailalim sa *emergency response and preparedness training* ang mga empleyado na nasa pampublikong sektor. Katulad ng itinatakda ng pambansang kautusan, tiniyak ng *PDRRMO* na sa bawat aktibidad ng pagsasanay ay nabigyan ng pokus ang *gender responsiveness*, naging sensitibo sa mga katutubong sistemang pangkaalaman at paggalang sa mga karapatang pantao.

Samantala, ang kalahok sa bawat *batch* ay binubuo ng 49 na kawani mula sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan. Sila ay nabigyan dito ng kaukulang kaalaman at impomasyon para maging handa at mabilis na makatugon sa panahon ng mga emerhensya kagaya ng bagyo, baha, lindol, sunog, tsunami at iba pang kahalintulad na mga panganib. Isinailalim din sila sa mga pisikal na paghahanda at pagsasanay sa pagharap sa iba't-ibang uri ng kalamidad at emerhensya lalo na ang mga paraan sa pagliligtas ng sarili at kapwa-taong nasa panganib.

Ito ay bahagi pa rin ng implementasyon dito ng *'BEAT D RISK' Program (Building an Environment of Awareness and Trust through Disaster Risk Reduction Initiatives, Safety and Knowledge Management Program)* ng pamahalaang panlalawigan na ipinatutupad sa pamamagitan ng *PDRRMO*. Layunin nito na mapatatag ang kakayahan ng lahat ng sektor ng pamayanan at maisulong ang kulturang pangkaligtasan sa buong lalawigan.





Dahil dito, hinikayat ni Gob. Tallado ang lahat na makiisa at makilahok sa mga programa, proyekto at gawain na naglalayong mabigyang-kakayahan sila sa paghahanda at pagharap sa mga kalamidad para mabawasan hindi man lubusang maiwasan ang masasamang epekto nito.

Bilang karagdagan, ang *RA 10121* o *An Act Strengthening the Philippine Disaster Risk Reduction and Management System Providing for the National Disaster Risk Reduction and Management Framework and Institutionalizing the National Disaster Risk Reduction and Management Plan, Appropriating Funds Therefore and for other Purposes* ay mas lalong kilala bilang *Philippine Disaster Risk Reduction and Management Act of 2010*. - ***LT Ibasco***

# Daet E/S, San Roque H/S; kampeon sa DLC competition, P15,000 pabuya tinangap



Tinanghal na kampeon ang *Daet Elementary School (DES)* sa Bantayog Festival *DBC/ DLC Competition-Category A (Elementary Level)* na idinaos noong Abril 9 kung saan nagpakitang-gilas ang mga kalahok na ika nga'y walang itulak-kabigin sa kahusayan. Dahil dito, naiuwi nito ang premyong P15,000.00 at kaukulang tropeyo.

Nasungkit naman ni Coreen E. Bacerdo ng *DES* ang titulong *Best Conductor* habang ang kasamahan niyang sina Karen Ables at Marione Baclagan ay nanalo bilang *Best Majorette*.

Ang San Vicente *Elem. School* naman ang nakakuha ng *1st runner up award* na tumanggap ng gantimpalang P10,000.00 at tropeyo habang *2nd runner-up* naman ang Malasugui *Elem. School* na naiuwi ang premyong P7,000.00 at tropeyo.

Nakuha naman ng San Roque *High School*, Mercedes ang kampeonato sa *DBC/DLC-Category B (Secondary Level)* kasama ang gantimpalang salapi na P15,000.00. Kasama nitong nanalo ang *Vinzons Pilot High School (VPHS)* na nakuha ang pwestong *1st runner-up* at premyong P10,000.00; *Basud National High School*

*(Sundan sa pahina 7)*

# John Atiwag ng JPang...

*(Mula sa pahina 5)*

Josie Baning-Tallado ang *chairman* ng Search for Ginoong Camarines Norte na nilahukan ng mga sumusunod: Benjie S. Ilagan *(Contestant No. 1)*, John Edward Atiwag *(2)*, Gil R. Consuelo *(3)*, Bryan Anthony C. Liwag *(4)*, Salvador S. Mirandilla *(5)*, Renante D. Cacayan *(6)*, Elvin M. Martillano *(7)*, Leomar L. Factor *(8)*, Wisley B. Rait *(9)*, Eleazar T. Gomez *(10)*, Gene Paulo B. Cabezudo *(11)*, at Aito K. Sasaki *(12)*. ***LT IBASCO***



# Easter Sunday Activities 2012



Ang Kaogmahan sa Bagasbas' ay isinagawa kasabay sa pagdiriwang ng sangka-kristiyanuhan sa Linggo ng Pagkabuhay, Abril 8, sa Bagasbas *Beach*, Brgy. Bagasbas, Daet bilang isa sa mga tradisyonal na aktibidad sa naturang kambal na taunang panlalawigang selebrasyon ng pagkakatatag ng lalawigan at Bantayog festival.

Katulad ng inaasahan, ay dinagsa ito ng mga lokal at dayuhang turista na sumali sa iba't-ibang laro ng lahi Siyempre pa *'game'* na *'game'* na lumahok sa iba't-ibang kategorya ng mga palaro ang mga kabataan gayundin ang mga kadalagahan at kabinataan at maging mga nakatatanda man.

Ang 'kaogmahan' ay pinangasiwaan ni G. Daryl Gumabao bilang tagapamuno ng komitiba kasama ang kanyang katuwang na tagapamuno na si Ms. Nodeza King, at ang Daet Kabihug *Jaycees* at Daet Bulawan *Jaycees* bilang mga miyembro.

Una rito, sa katulad na araw ay isinagawa ang *Bantayog Fun Run 2012* na simula sa *Provincial Capitol Grounds* binagtas ang daan patungong Bagasbas *Beach* kung saan nagtapos ang pagtakbo. Pinamahalaan ni Kwn. Joseph Segundo ang naturang gawain bilang tagapamuno ng naturang komitiba kasama ang pamunuan ng *Kiwanis Club of Bintao* bilang mga miyembro.

Kasunod nito, sa pangunguna ni G. Erwin Abanto, ang *Strongman Competition* ay isinagawa sa Bagasbas *Beach*.

Samantala, sa ganap na ika-7 n.g., idinaos naman sa Bagasbas *Beach* ang *'Bikini Open'* kung saan ang mga kababaehang kalahok ay nagtagisan hindi lamang sa ganda ng mukha at hubog ng katawan kundi sa natural na karisma at husay ng pagdadala ng sarili. . Ang nabanggit na patimpalak ay pinangasiwaan ni *Atty.* Sim O. Mata, Jr., *Provincial Legal Officer*, bilang tagapamuno ng komitiba kasama ang miyembro nito na si G. Rey Apuya.—***LT–Ibasco***

# Kayak Surfing Clinic 2012

Isa sa mga *water sports* na kinahihiligan ngayon ng karamihan ay ang *Kayak Surfing*. Dahil dito, itinaguyod ng pamahalaang panlalawigan ang 1-araw na *Kayak Surfing Clinic* na isinagawa sa Baybay *Bea*ch, Mercedes noong Abril 8.

Naisakatuparan dito ang naturang gawain sa ilalim ng pamamahala ni Ms. Nanette Ibasco ng bayan ng Mercedes bilang tagapamuno ng *Committee on Kayak Surfing Clinic*. Nakatuwang dito ni Ms. Ibasco si G. Amable Miranda, *co-chairman*; at ang *Mercedes Tourism Operations and Development Office staff* bilang mga miyembro.



Samantala, para sa mga interesadong subukan ang *kayak surfing*, ang mga kagamitan na kakailanganin nila ay ang *kayak, paddle, personal flotation device (PFD* o *lifejacket), helmet*. Higit sa lahat, kailangan nila ang dagat na may malalakas at malalaking mga alon kagaya ng sa bayan ng Baybay Beach sa bayan ng Mercedes para magkaroon sila ng *thrilling experience*.

Matatandaan na una nang inanyayahan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang lahat ng *kayak surfing enthusiasts* sa loob at labas ng Lalawigan ng Camarines Norte na lumahok sa *Kayak Surfing Clinic* para mas madagdagan ang kanilang kaalaman at kasanayan sa naturang *water sports* na *'in'* na *'in'* ngayon, ika nga. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# 16-araw...

*(Mula sa pahina 4)*

*Baby Ruth's Garden; RARE, Inc.;* Abby's Pasalubong; Kool Kalan (g); Dhang's *Handi;* Paracale *Gold and Silver Makers Association; Nutriwell Company; My Little Corner Shop; First Standard Finance Corporation;* Bulakeña *Garden; Camarines Norte Barangay Food Terminal Federation;* Daet *Food Producers' Association; North Camarines Trading;* Jonni-Jade *Cravings and Catering;* Calaguas *Vodka Distillery; Sun Cellular Communications; DTI-CARP,* at *CNSC-Bachelor of Science in Entrepreneurship.*

Lumahok din sa eksibit ang pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg); Provincial Tourism Operations Divison (PTOD),* at *Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ).* Nakiisa rin dito ang mga pamahalaang bayan ng Basud, Daet, Labo, Mercedes, San Lorenzo Ruiz at Talisay-***LORENA DELA TORRE-IBASCO***



Nasa larawan si Bb. Josie B. Tallado, unang ginang ng lalawigan kasama si Atty. Debbee Franciso, Provincial Tourism Operations Officer sa kanilang paglilibot sa mga exhibits.

# Paboksing sa Bantayog

Nagtagisan ng lakas sa pagsuntok, bilis sa pag-igkas ng kamao at istratehiya sa ibabaw ng lona ang mga boksingero na nagkaharap-harap sa 'Paboksing sa Bantayog' na ginanap noong Abril 3, ganap na ika-6 n.g. sa *Camarines Norte Agro-Sports Center, Provincial Capitol*, Daet.


Ito ay isang *amateur boxing competition* na isa sa mga gawain na itinampok sa selebrasyon dito ng ika-92 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng Camarines Norte kasabay ng *8th Bantayog Festival 2012* na nakatuon sa tema ngayong taon na: "Bawat CamNorteño, Tanglaw Tungo sa Tuwid na Landas".

Bago ang naturang kumpetisyon, nagkaroon ng programa kung saan nagbigay ng mensahe ang ilang matataas na opisyal ng pamahalaang panlalawigan. Nakatulong ito para madagdagan ang tiwala sa sarili ng kalahok na mga boksingero gayundin ang kanilang determinasyon na ipakita ang kanilang husay sa larangan ng boksing.

Samantala, pinangunahan naman ni G. Rolando R. Haspela, *chairman, Boxing Committee,* ang pagpapakilala sa mga *boxing officials* na siyang tumiyak sa patas na kumpetisyon.

Ang maayos na sistema at daloy ng naturang *boxing competition* ay pinangasi-

*(Sundan sa pahina 6)*




## Paggunita sa ARAW NG KAGITINGAN

Tuwing sasapit ang 9 ng Abril ay ginugunita ng mga Filipino ang Bataan Death March bilang Araw ng Kagitingan (o Araw ng Bataan), isang pista opisyal. Kasama sa paggunita dito ay ang pag-aalay rin ng bulaklak sa mga bantayog na itinayo bilang pagkilala sa mga sundalong namatay sa mapagpahirap na pagmamartsa – sa Paggunita sa Capas (Capas National Shrine) sa Tarlac; at sa Dambana ng Kagitingan sa Bataan. Ang mga nabanggit na bantayog ay nasa pangangalaga ng pamahalaan ng Pilipinas.

Ang **Bataan Death March** ay ang sapilitang pagpapalakad sa mahigit kumulang 70,000 bilanggo ng digmaan (prisoners of war o POW) na binubuo ng mga Filipino at Amerikano na nadakip ng mga Hapon sa kasagsagan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Nagsimula noong 9 Abril 1942, ang pagmartsang ito ay nag-umpisa sa Mariveles, Bataan patungong San Fernando, Pampanga (na umabot ng 88 kilometro ang layo), hanggang Capas, Tarlac at muling naglakad ng layong 13 kilometro hanggang matunton ang Himpilang O'Donnell. Tumagal ang pagmamartsang ito ng anim na araw.

Sa kasagsagan ng init ng araw, ang mga bilanggo ng digmaan ay walang tigil na pinaglalakad habang sila'y tinututukan ng baril ng mga Hapon. Nilakad nila ang kahabaan ng Mariveles, Bataan patungong San Fernando, Pampanga. Sa mga pagkakataong sila ay "pinagpapahinga," sila ay puwersahan ding pinapaupo sa ilalaim ng matinding sikat ng araw ng walang anumang lilim. Ang sino mang manghingi ng tubig na maiinom ay dagliang pinapatay. Sa unang yugto pa lamang ng martsa ay marami na ang nangamatay. Ang mga nanghihina at nabubuwal sa pila ng martsa ay binabayoneta ng mga Hapon, o di kaya'y pinagbabaril. Ang ilan sa kanila ay inaabuso at malabis na sinasaktan, habang ang iba naman ay hinahayaan na lamang masagasaan ng mga rumaragasang sasakyang-militar ng Hapon.

Gutom at uhaw, ang mga bilanggo ay lalong naghirap at ang kanilang buhay ay higit na nameligro. Minsan din silang binigyan ng pagkain, ngunit tila hayop silang pinakain ng mga panis na kanin. Nang sapitin nila ang Capas, Tarlac, animo hayop na iginapos ng mga sundalong Hapon ang mga bilanggo. Sa gabi, sila ay pinapatulog sa isang tila bodegang kwarto – masikip at madilim, at ang mga bilanggo ay parang mga sardinas na nagsisiksikan dito. Sa kasikipan, hirap na silang makagalaw, at halos mag-agawan sa hanging nilalanghap. Ang ilan sa kanila ay hindi na inabutan ng bukas, habang ang iba'y nagising sa piling ng mga nasawi na nilang kasamahan.

(REPRINTED FROM WIKIPEDIA)

# 16-araw na Tourism and TradeFair 2012 Lokal na produkto atbp, itinampok



Idinaos sa kahabaan ng Lucio Magana *Street* sa harapan ng PNB Daet ang 16-araw na *Tourism and Trade Fair Exhibit* na isa sa mga tampok na aktibidad sa selebrasyon dito ng ika-92 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng Lalawigan ng Camarines Norte at ng 8th BANTAYOG *Festival. Ang ribbon cutting ceremony* ay pinangunahan nina Mam Josie Baning-Tallado, *Exec. Asst. IV/OIC PA* Jose G. Boma at *Provincial Director* Ernesto R. Pardo ng *Department of Trade and Industry (DTI).*

Itinampok muli ang eksibit sa panlalawigang pagdiriwang ngayong taon upang patuloy na maipakilala sa mga lokal at dayuhang turista ang mga natural na lugarpanturismo ng Camarines Norte gayundin ang mga poduktong likas at tatak-Camarines Norte.

Ang ilang pribadong establisimyento na lumahok sa 16-araw na eksibit ay ang mga sumusunod: *Big Norman's Garden Supplies and Services; Lyn's Ornamental;*

*(Sundan sa pahina 3)*



# Pinyasan Festival kampeon sa BANTAYOG festival street dancing competition

Ang *'Pinyasan Festival'* ng LGU Daet ang tinanghal na kampeon sa *Street Dancing Competition* na idinaos sa *Provincial Capitol Grounds* noong Abril 15, araw ng anibersaryo ng pagkakatatag ng Lalawigan ng Camarines Norte. Dahil dito, naiuwi ng *LGU Daet* ang gantimpalang salapi na P50,000.00.

Kasama nitong nanalo ang *Busig-On Festival* ng *LGU Labo* na nakuha ang ikalawang puwesto sa kumpetisyon at ang premyong P30,000.00. Pumangatlo naman dito ang *Kadagatan Festival* ng *LGU Mercedes* na nasungkit ang gantimpalang P20,000.00.

Ang iba pang bayan na lumahok dito ay ang mga sumusunod: Karagumay festival ng Basud; Buyuboy festival ng San Lorenzo Ruiz; At Babakasin Festival ng Vinzons.

Ikinagalak din ng marami ang paglahok sa ikalawang pagkakataon ng Philippine National Police sa pamumuno ni PSr.Supt Joselito Esquivel.

Walang umuwing talunan dito sapagkat ang mga kalahok na hindi pinalad na manalo ay pinagkalooban ng *consolation prize* na tig-P10,000.00.

Sa mag tampok na festival ng bawat bayan ay masining nilang isinalarawan ang kanikanilang natatanging kultura at tradisyon sa pamamagitan ng masining na pagsayaw na tugma sa ritmo ng kanilang tugtugin, makukulay na mga kasuotan at mga angkop na kagamitan *(props)* at musika.

Itinaguyod ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang taunang kumpetisyon sa layuning malinang at mapaunlad ang ating kultura at kasaysayan.. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Bb. Camarines Norte 2012...



*(Mula sa pahina 5)*

Ang pamantayan na ginamit sa pagpili ng mga nanalo ay ang mga sumusunod: *beauty factor (beauty of the face and complexion)* - 30%; *intelligence factor (wit, humor and intelligence)* - 30%; *projection and stage presence* - 20%, at *body proportion* - 20% o kabuuang 100%.

Sa pagkakapanalo niya bilang 2012 Bb. Camarines Norte, alam ni Burce bilang bagong *ambassadress of goodwill,* hindi lamang personal niyang imahe ang dapat niyang pangalagaan ngayon kundi ang buong Lalawigan ng Camarines Norte at ang mga mamamayan nito lalo na ang hanay ng mga kababaihan. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Edgardo A. Tallado, Chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma, Vice Chairman; PDIC-PIA, CAO IV Purita P. Briñas, Atty. Ludivina G. Francisco, Private Secretary/Tourism Officer Designate, DWCN-FM Stn. Manager Rikki Vito, and Museum Curator I Abel C. Icatlo , members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Engr. Wilson V. Porcincula, art/design.

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Melinda L. Jerez; ProVet-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte; PTO-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra; PEO -Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza; PPDO-Marilyn P. Asis; MASCD-G.O.- Aida B. Pandeagua; GSO-Gina B. Racelis, PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Q. Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-G.O.—Dario C. Dime; PCSSD-PGII Virgel T. Zantua; PAssO-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor; PLO-Donna A. Guevarra; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimene & Lilian Rafon; PSEMO-Arnel S. Ferrer, Ernesto R. Andaya.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# Sen. Revilla panauhin ...

(Mula sa pahina 1)
may kakayahang mag-pakabayani sa kaniya-kaniyang paraan. Dito angkop na angkop ang tema ng ating pagdiriwang na ito na "Bawat CamNorteno, Tanglaw Tungo sa Tuwid na Landas.

Ang mga taong nadaanan ay kinawayan at nginitian ni Sen. Revilla na labis na ikinatuwa ng ating mga kababayan. Siyempre pa, hindi rin magkamayaw ang ating mga kababayan na nagpakuha ng piktyur kasama ang butihing senador. ***- L. T. Ibasco***



*Ang pagsalubong ni Gob. Edgardo A. Tallado kay Senador Bong Revilla bilang panauhin sa ika-92 ng Camarines Norte*



*Si Senador Bong Revilla at Gob. Edgardo A. Tallado habang nilalagdaan ang MOA ukol sa medical assistance ng senador sa CNPH*

# CNPH kasali sa KAP ni Sen. Revilla

Kasama sa pagdalaw ni Senador Ramon "Bong" Revilla sa lalawigan bilang panauhing pandangal ng Ika-92 anibersaryo ng Camarines Norte ay ang paglunsad niya ng kanyang programang **KAP o " Kalusugan Ating Pangangalagaan'** dito sa Camarines Norte.

Nilaagdaan niya at ni Gob. Edgardo A. Tallado at gayundin ni Dr. Arnulfo G. Salagoste, Provincial Health Officer ng Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH) ang ***Memorandum of Agreement (MOA)*** ukol sa kanyang pagkakaloob ng pinasyal na tulong sa CNPH Daet at Capalonga na tig-P500,000 sa ilalim ng KAP .

Ang programang KAP ay isang medical assistance program ng senador para sa mahihirap. Susog sa MOA ang tulong pinansiyal ay para sa gastusin sa gamot, laboratory, ECG, xray, thyroid scan, T3, T4, dialysis, cobalt at iba pa ayon sa rekomendasyon ng doctor para mahihirap na "in-patient na at mga emergency cases. Mali-

*(Sundan sa pahina 7)*

# Bb. Camarines Norte 2012 - Bb. Joy Burce ng Daet

Kinoronahan bilang 2012 Bb. Camarines Norte ang 17-anyos na si Princess Joy C. Burce na kinatawan ang Brgy. Council ng Lag-on, Daet sa *2012 Search for Bb. Camarines Norte/Bb. Bantayog* na idinaos noong Abril 12, 2012 sa *Camarines Norte Agro-Sports Center)* CNASC). Si Burce na kumukuha ng kursong *BS-Mining Engineering* sa *University of the Philippines (UP)*-Diliman ay tinanggap din ang gantimpalang salapi na P30,000.00.

Higit na lumutang ang kakaibang ganda at talino ni Burce kumpara sa 15 pang kandidata sa *2012 Search for Bb. Camarines Norte/Bb. Bantayog* na pawang nagpakitang-gilas sa *Grand Pageant and Coronation Night* na idinaos sa *Camarines Norte Agro-Sports Center.*

Ang titulong 2012 Bb. Bantayog at premyon P20,000.00 ay napanalunan ng 19-anyos na si Renei Victoria M. Almoneda na kumatawan sa *LGU* Labo. Si Almoneda na isang *BS-Tourism student* sa *Ateneo de Naga University*. Maliban dito, naiuwi rin ni Almoneda ang mga *minor awards* na *Miss Friendship; Miss Super Shell* at *Miss White Light* gayundin ang kaukulang premyong salapi at *sash.*

Hindi rin nagpahuli ang 18-anyos na kandidata ng *LGU* Labo na si Lenie G. Jalimao na nanalo bilang 2012 Bb. Camarines Norte *Tourism*. Tinanggap ni Jalimao ang korona at pabuyang P15,000.00. Nakuha rin ni Jalimao ang mga *minor awards* na *Best in Production Number; Miss Photogenic; Best in Production Outfit*, at *Darling of the Crowd* na may kaukulang gantimpalang salapi at *sash.*

Samantala ang *1st runner up* si Mary Jennifer Boitizon Gallegos ng Jose Panganiban at si Mariel C. Baclagan ng Mercedes ang *2nd runner up.*

Bilang karagdagan, nasungkit naman ni Chelsea Angelie A. Jacobo ng *LGU* San Vicente ang *minor award* na *Miss Perfect White* habang naiuwi naman ni Nerisha M. Apolonio ang titulong *Miss Boardwalk* kasama ang kaukulang pabuya at *sash.*

***(Sundan sa pahina 4)***





# John Atiwag ng JPang nakuha ang titulong Ginoong Cam. Norte

Si John Edward Atiwag ng Jose Panganiban ang nanalong Ginoong Camarines Norte 2012 sa *Grand Pageant* ng *Search for Ginoong Camarines Norte 2012* na isinagawa noong Abril 18 sa *Camarines Norte Agro-Sports Center, Provincial Capitol*, Daet.

Nakuha naman ni Sean Paulo Cabizudo ng Talisay ang titulong Ginoong Bantayog 2012 habang pinangalanan naman bilang Ginoong Turismo 2012 si Eleazar Gomez na kumatawan sa PNP. Samantala, nasungkit ni Wisly B Rait ng CNSC ang *1st runner-up award* habang *2nd runner-up* naman si Elvin Martillano ng Daet/ Lourdes College Criminilogy Department.

Ang unang ginang ng lalawigan, Gng.

*(Sundan sa pahina 2)*





# Iwa Moto, Jason Fernandez tampok sa variety show

Isang *variety show* ang isasagawa noong Abril 13, ganap na ika-7 n.g. sa harapan ng Kapitolyo Probinsyal. Ito ay bahagi pa rin ng selebrasyon dito ng ika-92 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng Camarines Norte kasabay ng *8th Bantayog Festival 2012* na may temang: "Bawat Cam Norteño, Tanglaw Tungo sa Tuwid na Landas".


Ang naturang programa ay tinampukan ni Iwa Moto kasama ang *Santa Maria Band with* Jason Fernandez.

Si Jason Fernandez na kababayan natin mula sa bayan ng Mercedes ay dating bokalista ng sikat na bandang *River Maya* na nabuo noong taong 1993. Kabilang ang banda nila sa nagpabago sa *music trend* mula sa ordinaryong *rock*, *hard rock*, *pop*, *progressive*, at iba pa.

Maaga pa lang ay dumagsa na ang mga kababayan natin na nagtiyagang maghintay makauna lamang sa pagpanood ng *variety show*. Bata at matanda, babae at lalaki, bakla at tomboy man ay nakipagsiksikan, masaksihan lamang ang pag-*perform* sa entablado nina Iwa Moto at Jason Fernandez. Mapalad din ang ilang kababayan natin na nagkaroon ng pagkakataon na umawit at/o sumayaw kasama nina Iwa at Jason.

Ang masisiglang awitin ni Fernandez ay mas pinaningning ng presensya ni Iwa Moto na bukod sa taglay na ganda ay may angkin ding talento sa pagkanta at pagsasayaw man. Si Aileen Quimapo Iwamoto na mas kilala sa tawag na Iwa Moto ay nakabilang sa *Final 4* ng *3rd Season* ng *Starstruck* na isang *reality show* ng *GMA 7*.

Matatandaan na una nang hinikayat ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang publiko na manood sa nasabing libreng *variety show* bilang pagpapakita na rin ng suporta sa ating kababayan na si Jason Fernandez. Inaasahan din ni Gob. Tallado na sa pamamagitan ng pagtatanghal dito ni Fernandez, ang mga kababayan natin na may talento sa pag-awit ay magkakalakas-loob din na sumali sa mga kumpetisyon, ipakita ang kanilang kahusayan, abutin ang kanilang mga pangarap at matamasa ang tagumpay na hinahangad. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***



# Nanalong Atleta sa Palarong ...

*(Mula sa pahina 1)*

lad na halaga.

Umaabot sa 389 mag-aaral na atleta at mga coaches mula sa iba't-ibang paaralan dito sa Camarines Norte ang bibigyan insentibo na may kabuuang halagang P200,000 na mula sa provincial sports and physical fitness program 2012 SPA appropriation ng pamahalaang panlalawigan ng Camarines Norte.

Maaaring kunin ang nasabing cash incentive sa Cashier ng Provincial Treasury Office na matatagpuan sa ground floor ng Provincial Capitol. Magdala lamang ng ID at kung maaari ay may kasamang guro o magulang ang atleta sa pagkuha ng cash incentive.

Ang mga napanalunang laro ng mga atleta ng Camarines norte ay archery; arnis; badminton; baseball; boxing; chess; football; gymnastic; sepak takraw; softball; swimming; table tennis; taekwando; tennis at volleyball. *L. QUERUBIN*

# Paboksing...

*(Mula sa pahina 3)*

waan ni G. Justo Racho ng BAP/ CANABA bilang *head juror*. Nakasama rito ni G. Racho ang mga *referee/judges* na sina Vidal Valdez; Nestor Gobacha, Glenn Soria, Serafin Dasco, Renato Salva, Ricky Capistrano, at Ben Villarea; *official timer* - Emman Tonto, at *gloves incharge* - Marcos Eboña at Roberto Dagam. ***LORENA DELA TORRE- IBASCO***

# Libreng kursong bokasyonal para sa OSY sa ilalim ng EDPOSY ni Gob. Tallado

Kayo ba ay *out of-school youths (OSYs)* o kaya ay nakapasa sa *Alternative Learning System (ALS) accreditation test* at nais ninyong kumuha ng kursong bokasyonal ngunit hindi magawa dahil sa kakapusang pampinansyal? May sagot na sa problema mo, ito ang *Educational Development Program for Out-of-School Youth (ODPOSY)* na mas pinalawak ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado.

Sa ilalim ng *EDPOSY*, sasagutin ng pamahalaang panlalawigan ang gastusin ng mga *OSYs* at *ALS passers* na kukuha ng *vocational training courses* sa *Technical Education and Skills Development Authority (TESDA)*. Ang mga kwalipikadong magaplay sa programa ay ang mga *OSYs* na nakapagtapos ng hayskul gayundin ang mga *ALS passers* na may edad 18-30 gulang at ang kabuuang kita ng mga magulang o tagapangalaga ay hindi lalagpas sa P72,000.00 bawat taon.

Para sa mga interesado, ang mga dokumentong kailangan nilang isumite sa *Public Employment Service Office (PESO)* na nasa ilalim *ng Provincial Planning and Development Office (PPDO)* ay ang mga sumusunod: *barangay clearance*; *high school report card* para sa mga *OSYs* at *ALS certificate* para sa mga *ALS passers*, at *2011 income tax return (ITR)* o kaya ay *certificate of indigency* mula sa barangay.

Ang iskedyul ng pagsisimula ng mga *training courses* na maaaring pasukan ng mga *OSYs* at *ALS passers* sa TESDA Labo ay ang mga sumusunod: *Shielded Metal Arc Welding (NC 1)*, Abril 23; *Consumer Electronics Servicing*, Mayo 14; *Automotive Mechanic*, Hunyo 25, at *Electrical Installation and Maintenance*, Hulyo 30, 2012. Ang *Computer Hardware Servicing* at *Cosmetology* na bukas dito sa Daet ay magsisimula naman sa Hunyo 18 at Oktubre 15, ayon sa pagkakasunod.

Limitado lamang sa 25 katao ang naturang mga *training courses* kaya pinaaalalahanan ang lahat ng mga interesado na magtungo kaagad sa *PESO Provincial Capitol* dala ang mga nabanggit na dokumento para makapasok sa nabanggit na mga *training courses.*

Sa ilalim ng administrasyon ni Gob. Tallado, itinaas sa P1.5-milyon ang pondo ng *EDPOSY* mula sa dati nitong pondo na P300,000.00. Ipinatupad ito ni Gob. Tallado sa layuning magkaroon ng kaalaman at kasanayang pambokasyonal ang ating mga kababayan. Kasama rito ang pagkakaroon nila ng akmang kwalipikasyon sa pag-aaplay sa trabaho nang sa gayon ay maging produktibo silang manggagawa at hindi na sila mapadagdag pa sa patuloy na tumataas na bilang ng mga indibidwal na walang trabaho. ***LORENA DELA TORRE -IBASCO***

# DOT RD ...

*(Mula sa pahina 8)*

lamor na itinaas ang kani-kaniyang *Municipal Color*. Nakasama nila rito ang mga Bokal ng Sangguniang Panlalawigan na sina Kgg. Ligaya Lo-Pedron, Romeo R. Marmol, Leopoldo V. Gache, Edgar E. Dasco, Ruth F. Herrera, Joeffrey B. Pandi, Teresita DL. Malubay, Gerry G. Quiñones, at Gladiola Villagomez, *ex-officio*.

Sa naturang *opening program*, itinampok din ang pagpapakilala sa 16 na dilag na opisyal na kandidata sa *Search for Bb. Camarines Norte 2012*, at ang 13 kalalakihan na kalahok sa *Search for Ginoong Camarines Norte 2012*.

*Nagkaroon din ng Civic Military Parade* na nilahukan ng iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan; pamahalaang lokal at nasyonal; korporasyong pag-aari at kontrolado ng pamahalaan; mga pampubliko at pribadong paaralan; pribadong sektor gayundin ang mga sosyo-sibikong samahan at organisasyon. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Pagbibiyahe ...

*(Mula sa pahina 7)*

wis ng pamahalaang panlalawigan, mas maraming proyekto, programa at aktibidad ang maipatutupad nito para sa kapakanan at kagalingan ng ating mga kababayan. Sa buwis nagmumula ang pondo sa pagpapagawa ng mga kalsada, tulay, paaralan, at iba pa gayundin ang pagpapatupad ng mga programang pang-edukasyon, pang-medikal, pangkalusugan at pang-nutrisyon, at marami pang iba.

Dahil dito, hinihikayat din ni Gob. Tallado ang lahat ng mamamayan na ugaliin ang pagbabayad ng buwis hindi lamang bilang responsableng mga mamamayan kundi bilang pagmamalasakit sa ating mga mahihirap na kababayan na sa tuwina'y umaasa ng tulong mula sa iba't-ibang sangay ng pamahalaan na ang pondo ay nagmumula sa iba't-ibang uri ng buwis ng bayan. ***LORENA DELA TORRE -IBASCO***

# 8th Bantayog...

(Mula sa pahina 1)

*Competition*, Abril 7 – *Kayak Surfing Clinic, 2nd Gov.* Egay Tallado *Shoot-fest*, Abril 8 – Bantayog *Fun Run 2012*; Kaogmahan sa Bagasbas at *Bikini Open* – Abril 8-15 – SMB Beer Plaza, Abril 9 – *DBC/DLC Competition* ; Parada ng Kabataan para sa Kagitingan; Abril 10 – *Highlights of Tourism Trade Fair*, Abril 11 – Libreng Gupitan; *Gala Night – Search for* Ginoong Camarines Norte, Abril 11-12 – *Training on Basic Customer Service Skills*, Abril 1 – *Kayak Surfing Clinic*; *Bb. Camarines Norte Pageant Night*; Abril 13 – *Variety Show*; Abril 1-13 –*Jobs and Livelihood Fair*; Abril 13-15 – *5th Bagasbas Surfing Clinic*, Abril 14 –*Tribute to Local Heroes*; *Dance Showdown*, Abril 15 – *Thanksgiving Mass*, *Commemorative Program*; *Grand Festival Parade* at *Street Dancing Competition*; Abril 16-18 –*Disaster Risk Reduction and Management Training*; Abril 18 – Ginoong *Camarines Norte Pageant Night*.

Ang *Provincial Tourism Operations Division (PTOD)* na pinamumunuan ni *Atty.* Debbee G. Francisco ang naging pangkalahatang tagapangasiwa ng nabangggit na mga aktibidad. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***







Sa larawan sa itaas ay makikita si Gob. Edgardo A. Tallado sa kanyang pagbibigay mensahe sa pagdiriwang ng Bantayog Festival at ika-92 taong anibersaryo ng lalawigan. Sa ibaba ay ang photo exhibit na isa sa tampok na panoorin ng pagdiriwang

# Daet E/S...

(Mula sa pahina 2)

*(BNHS) -2nd runner-up*, P7,000.00, at *Alawihao National High School (ANHS) - 3rd runner-up*, P5,000.00. Sila rin ay pawang pinagkalooban ng kaukulang tropeyo.

Samantala, ang *minor award* na *Best Conductor* ay nakuha rin ng *SRHS* habang naiuwi naman ng *VPHS* ang titulong *Best Majorette*.

Ang mga nanalo sa *Category A* ay masusing pinili ng grupo ng inampalan na pinamunuan ni Arman R. Lagatuz, tagapamuno, katuwang sina Lito Bueña at Aristotle Decena. Nagsilbi ring mga hurado para sa *Category B* sina Bueña, Lagatuz at Decena kasama sina Rudy T. Rayos III at Lorrie Castillo.

Sa pamamagitan ng kumpetisyon, mas tumingkad at naging makulay ang selebrasyon ng ika-92 taong anibersaryo ng Camarines Norte na ang iba't-ibang aktibidad ay pawang nakatuon sa *8th Bantayog Festival*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# 1st pay-out...

(Mula sa pahina 8)

pagtutulungan ng FSCAP at ng pamahalaang panlalawigan.

Ang mga OSCA heads ay sina: Goito Q. Sta. Clara (Basud), Irene S. Madera (Capalonga); Ely M. Avecilla (Daet); Ramundo P. Rodelas (JPanganiban), Dulce S. Espeso (Labo), Juanito M. Delos Reyes (Mercedes), Roberto M. Talado (Paracale); Adelaida S. Dimas (San Lorenzo Ruiz), Pilar P. Jariel (San Vicente), Feliciano N. Monte (Talisay) at Amelia B. Velacruz (Vinzons). *E. Oliver*

# Proyektong pailaw...

(Mula sa pahina 8)

man ni PB Ocan. Dito ipinaabot ni Kgd. Aberia ang kahilingan na mapailawan ang Purok 3 para maiwasan ang panganib na magkasunog sa kanilang lugar aumang oras dahil sa halos 4 na kabahayan ang nakikikabit ng linya ng kuryente mula sa bawat isang kabarangay nila na may kuntador ng kuryente.

Itinataguyod ni Gob. Tallado ang mga kahalintulad na proyekto kaya kaagad siyang umaksyon sa kahilingan ni Kgd. Aberia. Ginawa ito ng gobernador sa layuning magkaroon nang ligtas at maliwanag na gabi ang mga taga-Purok 3, Brgy. Mambalite, Daet at matamasa nila ang iba pang benepisyong hatid ng permanenteng elektripikasyon.

Ito ay isa lamang sa napakaraming mga proyektong pailaw na ipinatutupad ni Gob. Tallado na pinupunduhan ng pamahalaang panlalawigan sa ilalim ng *Provincial Electrification Project, 20% Development Fund, 2011 Continuing Appropriations*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Pagbibyahe ng mineral commodities ipinagbabawal sa gabi, Linggo at pista opisyal

Napupuna ng pamahalaang panlalawigan na ilang *operators/permittees* ng *commercial sand and gravel* and *small-scale mining* ang sinasamantala ang pagbibiyahe ng kanilang mga produktong mineral *(mineral commodities)* sa mga oras o panahon na wala ng tauhan ng *Governor's Task Force* na nakabantay sa mga itinalagang *checkpoints*.

Kaugnay nito, noong Abril 10 ay ipinalabas kaagad ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang isang memorandum para sa lahat ng *permittees* ng *commercial sand and gravel* at *small-scale mining* sa buong probinsya ng Camarines Norte. Mahigpit nitong pinagbabawalan ang lahat ng kinauukulan na magbiyahe ng alinman sa kanilang mga *mineral commodities* tuwing araw ng Linggo, pista opisyal at sa dakong gabi.

Nakapaloob sa kautusan na ang iskedyul ng pagbibiyahe sa mga araw ng Lunes hanggang Sabado ay papayagan lamang simula ika-8 n.u. hanggang ika-5 n.h. Isa ito sa mga pangunahing hakbang para maging malinis at maayos ang pangangasiwa sa operasyon ng *commercial sand and gravel* at *small-scale mining* sa lalawigan.

Binigyang-diin sa memorandum na anumang magiging paglabag dito ay sapat na dahilan para kanselahin ang kaukulang *permit/s* na iniisyu sa kanila ng Tanggapan ng Gobernador. Ang kautusan ay agad-agad na magkakabisa sa sandaling matanggap ito ng mga *commercial snad and gravel* at *small-scale mining permittees*.

Isinagawa ni Gob. Tallado ang naturang hakbang sa layuning matiyak na mababayaran ng mga kinauukulan ang tamang buwis para sa mga produktong mineral na ibinibiyahe nila palabas ng Camarines Norte. Kapag tumaas umano ang koleksyon sa bu-

(Sundan sa pahina 6)

# CNPH kasali sa KAP...



Si Senador Ramon Bong Revilla kasama si Dr. Myrna Roxas at iba pang kawani ng Camarines Norte Provincial Hospital sa kanyang pagdalaw sa Provincial Hospital

(Mula sa pahina 5)

naw din na nasasaad sa MOA na hindi sakop ng pondo ang pambayad sa "professional fee" ng doctor.

Nasusulat din sa MOA ang patakaran sa paggamit ng pondo at ang mga hakbang tulad ng pagsiguro na mahirap ang pasyente na bibigyan ng tulong at iba pang mga patakaran.

Maaari din magamit ang kalahati ng pondo sa medical missions sa lalawigan ng senador na ang sakop lamang ay pagbili ng gamut at salamin.

Labis din ang pasasalamat ni Gob. Tallado sa presenya ni Sen. Revilla at sa tulong pinansyal nito sa probinsiya. Sa mga hindi nakakaalam, hindi pa man opisyal ng lalawigan si Gob. Tallado ay matagal na silang magkaibigan ni Sen. Revilla.

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 2, BLG. 12 DAET, CAMARINES NORTE ABRIL, 2012
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



# DOT RD Ravanilla panauhin sa 8th Bantayog Festival

Si *Regional Director* Nene O. Ravanilla ng *Department of Tourism Regional Office V (DOT RO5)* ang naging panauhing pandangal sa *opening program* na idinaos sa *Provincial Capitol Grounds na isinagawa matapos ang* seremonya sa pagpupugay sa watawat na idinaos sa *Provincial Capitol Grounds na* pinangunahan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado.

Ito ay kaugnay sa 17-araw na selebrasyon dito ng ika-92 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng Lalawigan ng Camarines Norte kasabay ng 8th Bantayog Festival 2012 na nakatuon sa temang: "Bawat Camnorteño: Tanglaw Tungo sa Tuwid na Landas".

Si Dir. Ravanilla ay regular na panauhin ng lalawigan taon-taon sa pagdiriwang ng Bantayog Festival at muli ngayong taon ay ipinarating niya ang kanyang mensahe. Kinilala niya ang aktibong pagkilos ng Camarines Norte sa pagpapalakas ng turismo.

Dumating din sa okasyon sina Basud Mayor Dominador S. Davocol, Jr., Daet Mayor Tito S. Sarion, Labo Mayor Dindo V. Pardo, San Lorenzo Ruiz Mayor Nelson P. delos Santos, at San Vicente Acting Mayor Antonio M. Vil-

(Sundan sa pahina 6)



Mula sa kaliwa ay si Dr. Rene Ruidera, hepe ng General Services Offices; G. Joey Boma, Provincial Administrator; Gng. Josie B. Tallado; PNP provincial director, Sr. Supt. Joselito Esquivel Jr; 902 2nd Brigade Commander TNL Col. Richard Q. Lagrana, Kgg. Gob. Edgardo A. Tallado, RD Nene O. Ravanilla, SP Members Kgg. Ligaya Pedron, Kgg. Pol Gache, Kgg. Gerry Quinones at Kgg. Romeo Marmol, sa pagdaan sa harapan ng kapitolyo ng mga lumahok sa parada na isinagawa para sa Bantayog Festival at ika-92 taong anibersaryo ng lalawigan

# 1st pay out honorarium para sa mga OSCA head

Sa kauna-unahang pagkakataon ay tumanggap ng honorarium na tig-P2000 kada buwan mula sa pamahalaang panlalawigan ang mga namumuno at namamahala sa OSCA o Office of Senior Citizens Affairs sa bawat bayan ng Camarines Norte.

Tinanggap nila mula kay Gob. Edgardo A. Tallado ang tig-P6000 tseke para sa kanilang honorarium para sa first quarter (Enero-Marso) nitong Abril sa buwanang pagpupulong ng OSCA heads na ginagawa tuwing ika 3 Martes ng bawat buwan sa tanggapan ng Provincial Social Welfare and Development Office (PWSDO).

Ang mga OSCA heads ay tumatanggap ng sapat lamang na honorarium sa kani-kanilang mga munisipyo at ngayon lamang sa matapos ang nagdaang panahon na sila ay regular ng may pondo sa pamahalaang panlalawigan sa ilalim ng administrasyon ni Gob. Tallado para sa kanilang buwanang honorarium.

Sinabi ni Gob. Tallado sa kanyang pagharap sa mga OSCA heads na sana ay patuloy maging maganda ang relasyon at pagkakaisa at

(Sundan sa pahina 7)



# Proyektong pailaw sa P-3, Brgy. Mambalite, Daet binigyang katuparan ni Gob. Tallado

Kamakailan ay pinasinayaan ang proyektong pailaw sa Purok 3, Brgy. Mambalite, Daet na nabigyan katuparan sa ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado na siya ring naging panauhing pandangal sa nasabing okasyon.

Pinangunahan dito ni Gob. Tallado ang seremonya ng paggupit sa laso *(ribbon cutting ceremony)* na naging hudyat sa opisyal na pagpapailaw sa naturang lugar. Nakasama ni Gob. Tallado sa okasyon ang ilang opisyal ng Sangguniang Panlalawigan, Sangguniang Barangay ng Mambalite sa pamumuno ni PB Arnulfo M. Ocan, at iba pang panauhin.

Matatandaan na ang naturang proyekto ay naisakatuparan susog na rin sa inisyatibo ni Brgy. Kgd. Lolita L. Aberia na nagpadala ng liham ng kahilingan kay Gob. Tallado na ini-indorso na-

(Sundan sa pahina 7)

